Dear Kuya

Ebe Dancel

Dear kuya, kumusta ka na dyan?
Anong balita, malamig ba dyan?
Dito mainit, ngunit kung bumagyo
Para bang lahat ng tubig sa mundo ay nandito

Matagal na rin, mula nang ika'y
Magpasyang subukan ang swerte
At abutin ang 'yong mga pangarap sa ibang bansa
Kung saan ikaw ay lagin mag-isa
Kami tuloy dito, nag-aalala

Nasan ka man ngayon
Ano man oras na ika'y may kailangan
Tawag ka lang sa amin
At parang nandito ka na rin
Parang nandito ka na rin

Oo nga pala, kung nasa 'yo pa
Ang checkered na polo ko, sa 'yo na yan
Hanap ka na rin ng maraming mapapaglibangan
Dahil balita ko mahal daw ang sine dyan

Dambuhala daw ang mga pinapakain dyan
Tataba ka malamang
Miss mo na bang magtagalog?
Kuya pag may kumausap sa 'yo
Galingan mong mag-ingles, galingan mo kuya

Nasan ka man ngayon
Ano man oras na ika'y may kailangan
Tawag ka lang sa amin
At parang nandito ka na rin

Nasan ka man ngayon
Ano man oras na ika'y may kailangan
Tawag ka lang sa amin
At parang nandito ka na rin
Parang nandito ka na rin

Dear kuya, hinahanap ka ni mama at daddy
Sulat ka palagi
Miss ka namin, pati nga kapitbahay nagtatanong
San ka raw nagpunta? San ka raw nagpunta?
Nasan ka na kuya?

Nasan ka man ngayon
Ano man oras na ika'y may kailangan
Tawag ka lang sa amin
At parang nandito ka na rin

Nasan ka man ngayon
Ano man oras na ika'y may kailangan
Tawag ka lang sa amin
At parang nandito ka na rin
Parang nandito ka na rin
Parang nandito ka na rin
Parang nandito ka na rin

Tištěno z pisnicky-akordy.cz
Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!